REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 90-167**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY KARAPATAN KAY KGG. IGNACIO R. BUNYE, PUNONG BAYAN, NA PUMASOK SA KASUNDUAN NG BILIHAN NG ISANG LAGAY NA LUPA NA DARAANAN UPANG MAKALAGOS ANG BARANGAY ROAD MULA SA SAN GUILLERMO HANGGANG PAMBANSANG LANSANGAN.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ang Kapasiyahan bilang 90-155 na nagpapahayag ng pagnanais na Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa na mabili ang isang lagay na lupang pag-aari ni G. Alejandro Arciaga;

SAPAGKAT, tinanggap na ni G. Alejandro Arciaga ang alok ng Pamahalaang Bayan na mabili ang pag-aari niyang isang lagay na lupa na nasasakop ng "TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE bilang S-53870" ng Talaan ng Kasulatan ng Rizal na may sukat na Dalawangdaan Dalawampu't Isa (221) metro kudrado, humigit kumulang, kasama ang mga meheras/pagkakapagpaayos ng bahay (improvements) upang magamit sa nabanggit na layunin, sa halagang Apat na Daan Siyamnapung Libo at Pitong Daang Piso (₱490,700);

SAPAGKAT, napagtibay na ng "Metropolitan Manila Authority" ang "Supplemental Budget", na nagtataglay ng halagang itutustos sa pagbili ng nabanggit na lupa, na napapaloob sa Kapasiyahan bilang 90-162 na pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang mga papeles na gagamitin sa kasunduan ng pagbili ay nakahanda na at naghihintay na lamang ng Kapasiyahan na magbibigay ng kapangyarihan sa Punong Bayan na lumagda sa kasunduan ng pagbili bilang kinatawan ng Pamahalaang Bayan.

DAHIL DITO, pinagpasiyahan ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila, na bigyan ng karapatan at kapangyarihan ang Punong Bayan, Mggl. Ignacio R. Bunye, na pumasok sa kasunduan ng bilihan ng isa lagay na lupa na daraanan upang makalagos ang Barangay Road mula sa San Guillermo hanggang Pambansang Lansangan.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 131 pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-19 ng Nobyembre 1990.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE 11/23/91
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



Kapasiyahan Bilang 90-167

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER G. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

Kgg. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

Mggl. RAUL R. CORRO
Kalihim Pambayan

IRB/RRC/vts